Kasunduan sa Remitly Business Account

United States

Welcome sa Remitly Business, na inihahatid ng Remitly, Inc. (“Remitly”, “kami”, “namin”, “amin”). Nakasaad sa Kasunduan sa Business (“Kasunduan”) na ito ang mga tuntunin at kundisyon kung saan puwedeng gamitin ng iyong business (“Customer”, “ikaw”, “iyong”) ang aming mga international na serbisyo ng money transfer para sa business mo at iba pang feature na posible naming gawing available sa iyo sa pamamagitan ng Business Account mo at gaya ng inilalarawan sa Kasunduang ito (kung sama-sama, ang “Business Account”, “Serbisyo sa Business”, o “Serbisyo”). Sa pamamagitan ng pag-access o paggamit sa aming Serbisyo, sumasang-ayon kang sumunod at mapailalim sa Kasunduang ito. Nalalapat ang Kasunduang ito sa Serbisyo sa Remitly Business sa United States.

Nakalaan sa Remitly ang karapatan, sa sarili naming pagpapasya, na baguhin ang Kasunduang ito o ang alinman sa mga Patakarang nakalista sa ibaba, kasama na ang pagbago, pagdaragdag, o pag-aalis ng mga bahagi ng Kasunduang ito, anumang oras. Gagawin namin ang aming makakaya para bigyan ka ng abiso sa mga pagbabago sa Kasunduang ito. Sa pamamagitan ng patuloy na paggamit ng Serbisyo pagkatapos magkaroon ng bisa ang anumang pagbabago sa Kasunduang ito, sumasang-ayon ka at tinatanggap mo ang mga pagbabago. Maaari mong suriin ang pinakabagong bersyon ng Kasunduan anumang oras sa aming website. Sumasang-ayon kang hindi mo dapat baguhin ang Kasunduang ito at kinikilala mong ang anumang pagsubok mong baguhin ang Kasunduang ito ay hindi kikilalanin.

SINASAKLAWAN NG KASUNDUANG ITO ANG PAGGAMIT NG IYONG BUSINESS ACCOUNT AT SERBISYO, AT NALALAPAT ITO SA LAHAT NG USER NA BUMIBISITA O NAG-A-ACCESS SA SERBISYO. SA PAMAMAGITAN NG PAG-ACCESS O PAGGAMIT NG SERBISYO SA BUSINESS SA ANUMANG PARAAN, PAGKUMPLETO SA PROSESO NG PAGPAPAREHISTRO NG ACCOUNT, PAG-BROWSE SA WEBSITE, O PAG-DOWNLOAD SA APPLICATION, KINAKATAWAN MONG: (1) NABASA MO, NAUUNAWAAN, AT SUMASANG-AYON KANG SAKLAWIN NG KASUNDUANG ITO; (2) NASA LEGAL NA EDAD KA UPANG MAGKAROON NG MAY BISANG KONTRATA SA REMITLY; (3) HINDI KA PINAGBABAWALANG GAMITIN ANG SERBISYO SA ILALIM NG MGA BATAS NG UNITED STATES AT TERITORYO NG UNITED STATES, IYONG LUGAR NG TIRAHAN, O ANUPAMANG NAAANGKOP NA HURISDIKSYON; AT (4) KUNG MAG-E-ENROLL KA SA O GAGAMIT NG FEATURE NA IBINIBIGAY NG ISANG THIRD PARTY, GAYA NG CURRENCY ACCOUNT (TINATAWAG DING “USD VIRTUAL ACCOUNT”), HIWALAY AT TAHASAN MONG TINATANGGAP ANG MGA TUNTUNIN NG THIRD-PARTY NA NALALAPAT DITO AT PUMAPASOK KA SA MGA ITO.

ANG CURRENCY ACCOUNT AY GINAGAWANG AVAILABLE NG ISANG THIRD-PARTY NA PROVIDER (ANG “PROVIDER NG CURRENCY ACCOUNT”) SA ILALIM NG SARILI NITONG MGA LISENSYA AT HIWALAY NA MGA TUNTUNIN. HINDI ITO BANK ACCOUNT. HINDI BANGKO ANG REMITLY O ANG PROVIDER NG CURRENCY ACCOUNT. KUMIKILOS ANG REMITLY BILANG INTERFACE NG TECHNOLOGY PLATFORM AT FIRST-LINE NA LIAISON PARA SA SUPORTA SA CUSTOMER. NAKASAAD SA MGA TUNTUNIN NG THIRD-PARTY NA PROVIDER ANG IBA PANG DETALYE TUNGKOL SA CURRENCY ACCOUNT AT ANG MGA PAGHAHAYAG NA PANG-REGULASYON. PAKISURING MABUTI ANG MGA TUNTUNIN NG THIRD-PARTY NA PROVIDER, ANG SEKSYON 6, AT ANG ISKEDYUL A BAGO KA MAG-ENROLL.

ANG KASUNDUANG ITO AY NAGLALAMAN NG PROBISYON SA PAGLUTAS NG DISPUTE AT MAY BISANG ARBITRASYON, WAIVER SA CLASS ACTION, AT WAIVER NG KARAPATAN MO SA ISANG PAGLILITIS NG JURY NA MAKAKAAPEKTO SA IYONG MGA KARAPATAN PATUNGKOL SA MGA DISPUTE NA MAYROON KA SA REMITLY AT ANUMANG NAUUGNAY NA PARTIDO. SURIIN NANG MABUTI ANG SEKSYON 13 SA IBABA AT, KUNG MAG-E-ENROLL KA SA CURRENCY ACCOUNT, ANG SEKSYON A.5 NG ISKEDYUL A. ANG MGA DISPUTE SA PAGITAN MO AT NG PROVIDER NG CURRENCY ACCOUNT NA NAUUGNAY SA CURRENCY ACCOUNT AY EKSKLUSIBONG SINASAKLAW NG MGA TUNTUNIN NG THIRD-PARTY NA PROVIDER. ANG MGA DISPUTE SA PAGITAN MO AT NG REMITLY, KASAMA ANG MGA DISPUTE NA NAUUGNAY SA MGA SERBISYONG IBINIBIGAY NG REMITLY BILANG INTERFACE NG TECHNOLOGY PLATFORM AT LIAISON PARA SA SUPORTA SA CUSTOMER PARA SA CURRENCY ACCOUNT, AY MANANATILING SINASAKLAW NG SEKSYON 13.

Huwag gumawa ng Business Account kung hindi ka sumasang-ayon na mapailalim sa mga tuntunin ng Kasunduang ito. Kung, pagkatapos magbukas ng Remitly Business Account, ay gusto mong wakasan ang Kasunduang ito, magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagsasara sa iyong Remitly Business Account. Hindi sinasaklaw ng Kasunduang ito ang mga serbisyo sa consumer. Kung plano mong gamitin ang Remitly para lang sa mga layuning pampersonal, pampamilya o pang-sambahayan, huwag mag-set up ng Business Account. Kung gusto mong gamitin ang Remitly para sa mga layuning pang-business at pampersonal, maaari kang mag-set up ng mga consumer at business account para pamahalaan ang mga nasabing aktibidad. Suriin ang aming website para sa higit pang impormasyon.

PAKIBASA NANG MABUTI ANG KASUNDUANG ITO. May legal na bisa ang mga tuntunin ng Kasunduang ito.

1. Tungkol sa Kasunduang ito

Mga terminong binibigyang-kahulugan. May partikular na kahulugan ang mga

terminong nasa malaking titik sa Kasunduang ito. Ipinapaliwanag sa Kasunduang ito ang kahulugan ng mga ito.

Anong mga panuntunan ang sinusunod namin. Sinusunod namin ang mga panuntunan at requirement ng, at kinokontrol ng, lahat ng Estado at Teritoryo kung saan binigyan kami ng lisensya bilang Money Transmitter (NMLS \#1028236) sa United States at mga Teritoryo ng United States, ng Office of Foreign Assets Control, na bahagi ng U.S. Department of Treasury, at ng Federal Trade Commission, at ng Consumer Financial Protection Bureau. Nakarehistro din kami sa Financial Crimes Enforcement Network (#31000221303796).

Iba pang Kasunduan at Patakarang dapat mong sundin. Sa pamamagitan ng paggamit ng aming Serbisyo sa Business, sumasang-ayon ka ring saklawin ng aming (i) [<u>Patakaran sa Privacy</u>](https://www.remitly.com/us/en/home/policy), (ii) [<u>Patakaran sa Cookie</u>](https://www.remitly.com/us/en/home/cookies), (iii) [<u>Paghahayag ng E-Sign at Pahintulot</u>](https://www.remitly.com/us/en/home/esign), at (iv) kung mag-e-enroll ka sa Currency Account, ng Iskedyul A ng Kasunduang ito.

Bukod pa rito, kung mag-e-enroll ka sa Currency Account, dapat mong direkta, hiwalay, at tahasang tanggapin ang Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider (gaya ng tinukoy sa Iskedyul A) para sa Currency Account sa pamamagitan ng unbundled na electronic na kasunduan. Ang Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider ay bumubuo ng isang independiyenteng legal na kontrata sa pagitan mo at ng Provider ng Currency Account patungkol sa Currency Account at hindi ito bahagi ng Kasunduang ito. Kung sakaling magkaroon ng anumang salungatan o hindi pagkakatugma sa pagitan ng Kasunduang ito (kasama ang Iskedyul A) at ng Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider patungkol sa Currency Account, o sa mga serbisyo ng Provider ng Currency Account, ang Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider ang mangingibabaw at masusunod.

Nakalaan sa amin ang karapatan, sa sarili naming pagpapasya, na baguhin ang Kasunduang ito o ang alinman sa mga patakarang nakalista sa itaas, anumang oras.

Paggamit ng Business Account. Para ma-access ang aming Serbisyo sa Business, nire-require kang magparehistro sa Remitly at mag-set up ng Remitly Business Account sa website ng Remitly o sa Remitly app. Para magbukas ng Remitly Business Account, kung hindi mo pa ito nagagawa, dapat mong ibigay sa amin ang iyong email address at gumawa ng password. Nakabinbin ang matagumpay na pagkumpleto sa anumang nire-require na hakbang na iniaatas sa amin na gawin para ma-verify ang impormasyon ng business mo, at pagkatapos nito ay magkakaroon ka ng access sa iyong Remitly Business Account at sa aming Serbisyo sa Business.

Awtoridad. Nauunawaan mo at sumasang-ayon kang may awtoridad ang natural na taong lumagda sa Kasunduang ito na kumilos sa ngalan ng at isinasailalim niya ang iyong business sa Kasunduang ito at na gamitin ang Serbisyong ito. Posibleng hilingin namin sa iyo anumang oras na magbigay ng katibayan ng nasabing awtoridad. Kung hindi ka magbibigay ng katibayan ng awtoridad na katanggap-tanggap sa amin, posibleng isara o suspindihin namin ang Remitly Business Account o huwag kang bigyan ng access sa aming Mga Serbisyo.

Dapat ding ituring na nasa good standing ang iyong business sa estado ng iyong pagpaparehistro. Posibleng hilingin namin sa iyo anumang oras na magbigay ng katibayan ng nasabing good standing. Kung hindi ka magbibigay ng nasabing katibayan na katanggap-tanggap sa amin, posibleng isara o suspindihin namin ang iyong Remitly Business Account o huwag kang bigyan ng access.

Seguridad ng Account. Ang iyong Remitly Business Account ay para lang sa business mo. Hindi ka pinapayagang magsagawa ng mga non-business transaction gamit ang Serbisyo sa Business. Hindi mo dapat i-share ang impormasyon ng Business Account mo sa kahit kaninong hindi pinapahintulutang gamitin ang account na ito o mag-send ng pera sa ngalan ng iyong business. Kung sa palagay mo ay may ibang nag-access ng iyong Remitly Business Account na hindi dapat nagka-access dito, dapat mo kaming abisuhan sa lalong madaling panahon. **Dapat malaman mo ring hindi namin kailanman hihingin ang password mo sa Remitly o ang password ng iyong Remitly Business Account**. Para sa impormasyon tungkol sa kung paano kami nangongolekta, nagso-store, at nagse-share ng iyong impormasyon, pakitingnan ang aming [<u>Patakaran sa Privacy</u>](https://www.remitly.com/us/en/home/policy).

Paano makipag-ugnayan sa amin para sa mga reklamo, dispute, o iba pang isyu. Umaasa kaming magugustuhan mong gamitin ang Serbisyo sa Remitly Business. Kung hindi namin matutugunan ang iyong mga inaasahan, makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng aming [<u>Page ng Mga Reklamo</u>](https://www.remitly.com/us/en/help/article/complaints-process?language=en*US), tumawag sa amin sa 1-844-604-0924 o mag-send sa amin ng email sa [<u>us-complaints@remitly.com</u>](mailto:us-complaints@remitly.com) para masubukan naming ayusin ang bagay-bagay. Kung gusto mong ihinto ang paggamit sa aming Serbisyo sa Business anumang oras, pakisara ang iyong Business Account o makipag-ugnayan sa amin para sa tulong.*

2. Overview ng Business Account

Nagbibigay-daan ang Serbisyo sa Business ng Remitly sa mga rehistradong user ng business na mag-send ng mga internasyonal na money transfer mula sa United States at ilang partikular na Teritoryo ng United States patungo sa mga recipient sa mga naka-enable na ruta. Puwede naming i-update ang listahang ito at magdagdag o mag-alis ng

mga bansa sa sarili naming pagpapasya. Nakalaan sa Remitly ang karapatang ihinto ang pag-offer ng mga money transfer sa alinmang bansa anumang oras, nang pansamantala o permanente, nang walang abiso sa iyo.

Depende sa pagiging kwalipikado at sa pag-apruba ng Remitly at ng Provider ng Currency Account, puwede mo ring gamitin ang Currency Account (ipinapakita sa Remitly app at website bilang iyong “USD Account” at tinutukoy sa Kasunduang ito bilang “USD Virtual Account”), isang virtual account sa U.S. dollar na ginagawang available ng Provider ng Currency Account sa ilalim ng sarili nitong mga lisensya at hiwalay na mga tuntunin (ang Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider), para tumanggap, maghawak, at mag-pay out ng mga pondo at para pondohan ang mga money transfer, gaya ng inilalarawan sa Seksyon 6 at Iskedyul A.

3. Pagsisimula at Paggamit sa aming Serbisyo sa Business

Paggawa ng Account. Para magamit ang Serbisyo, dapat ay isa kang limited liability company (LLC), sole proprietorship, o korporasyon sa US na may good standing sa hurisdiksyon kung saan nakarehistro ang iyong business. Batay sa bawat kaso, posibleng aprubahan namin ang paggamit ng Serbisyo ng mga organisasyon ng kawanggawa na kwalipikado para sa status na may exemption sa buwis sa ilalim ng Internal Revenue Code ng U.S., seksyon 501(c)(3).

Nire-require kang gumawa ng Remitly Business Account. Puwede kang gumawa ng Remitly Business Account sa website ng Remitly o sa app ng Remitly. Para gumawa ng Remitly Business Account at gamitin ang Serbisyo sa Business, posibleng nire-require kang bigyan kami ng impormasyon tungkol sa iyong business, kasama ang pero hindi limitado sa pangalan ng business mo, address ng business, pangalan sa Doing Business As (“d/b/a”), EIN o ITIN, estado kung saan itinatag, paglalarawan sa business, at uri ng entity. Nagbibigay-daan sa amin ang iyong Remitly Account na mag-record ng ilang partikular na impormasyon tungkol sa iyo, gaya ng ipinaliwanag sa aming [<u>Patakaran sa Privacy</u>](https://www.remitly.com/us/en/home/policy). Posible ring nire-require kang magbigay ng impormasyon tungkol sa (Mga) Beneficial Owner at (Mga) Control Person ng iyong business, kasama ang pangalan, address, at petsa ng kapanganakan. **Kung magbabago ang naturang impormasyon, dapat kang makipag-ugnayan sa Serbisyo sa Customer para i-update ang iyong impormasyon.**

Para gumawa ng Remitly Business Account, ikaw ay responsable para sa at dapat mong gawin ang sumusunod:

- Magbigay sa amin ng kumpleto, tumpak, at makatotohanang impormasyon ayon sa hinihiling namin. Ang impormasyong ibibigay mo ay gagamitin din namin para

matukoy kung kwalipikado kang gamitin ang aming Serbisyo; at

- Gumawa ng mga kredensyal ng seguridad, gaya ng password o personal identification number, na itinuturing ng Remitly na kinakailangan (“Mga Kredensyal ng Seguridad”) at/o i-download ang aming Mobile App.

Kapag nire-require para gumawa ng pagbabayad sa pamamagitan ng Serbisyo sa Business, dapat mo rin kaming bigyan ng impormasyon tungkol sa iyong mga paraan ng pagbabayad gaya ng iyong bank account, o debit o credit card (kung sama-sama, “Mga Paraan ng Pagbabayad”). Kapag binigyan mo kami ng impormasyon tungkol sa iyong Paraan ng Pagbabayad para sa layunin ng paggamit sa Serbisyo, pinapahintulutan mo ang Remitly na i-store ang impormasyong iyon sa file para sa paggamit para sa mga pag-transfer ng mga pondo. Bilang karagdagan, kinakatawan at ginagarantiyahan mong:

- ang bawat Paraan ng Pagbabayad ay valid, hindi pa nag-expire, at may good standing at valid ito para gamitin sa Serbisyo;
- isa kang awtorisado at sumusunod sa batas na user ng bawat Paraan ng Pagbabayad;
- ang bawat Transaction na ire-request mo sa pamamagitan ng Serbisyo ay sumusunod sa Kasunduang ito at sa mga naaangkop na batas, regulasyon, at panuntunan; at
- magsasagawa ka ng anupamang aksyon na posibleng makatuwirang i-require namin, o ng mga third-party na provider sa ilalim ng Seksyon 17.1, para ma-access at magamit mo ang Serbisyo.

Seguridad ng Iyong Remitly Account. Ikaw ang natatanging responsable para sa pag-iingat sa iyong Mga Kredensyal ng Seguridad. Aabisuhan mo kami kaagad tungkol sa anumang hindi awtorisadong paggamit ng iyong password o Remitly Account o anupamang paglabag sa seguridad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng Help Center namin.

Taong Namamahala; Awtoridad na Kumilos sa Ngalan ng Iyong Business; Awtorisadong User. Kinukumpirma mong isa kang control person ng business na ito. Kapag tinutukoy namin ang taong namamahala, ang ibig naming sabihin ay isa kang taong may malaking responsibilidad para sa pamamahala sa business na ito. Dapat labingwalong (18) taong gulang pataas ka na para makagawa ng Business Account o may kapasidad kang pumasok sa isang legal na may bisang kasunduan sa ilalim ng naaangkop na batas para ma-access o magamit ang Serbisyo sa Business. Dapat isa kang residente lang ng United States.

Kinukumpirma mo na ikaw, o ang iyong mga naaprubahan na gumamit ng account na

ito, ang magiging nag-iisang user ng account na ito sa ngalan ng business na ito. Kinukumpirma mong may awtoridad kang isailalim ang business kung para kanino mo ginagamit ang aming Serbisyo, at tinatanggap ng business ang mga tuntunin ng Kasunduang ito. Maaaring hilingin namin sa iyo anumang oras na magbigay ng katibayan ng nasabing awtoridad.

Ikaw ang responsable para sa lahat ng aktibidad na mangyayari sa ilalim ng iyong Business Account. Ang pagbibigay ng pahintulot na i-access ang iyong Remitly Business Account ay hindi nag-aalis sa iyo ng mga responsibilidad mo sa ilalim ng Kasunduang ito, kasama na ang pag-abiso sa amin kung nakompromiso ang iyong Remitly Business Account o kung pinaghihinalaang mali o hindi awtorisado ang isang transaction.

Dapat Mong Gamitin ang Aming Mga Serbisyo para Lang sa Iyong Business. Hindi ka dapat gumawa ng Remitly Business Account at hindi ka dapat magsumite ng Transaction sa ngalan ng anupamang business o sa iyong personal na kapasidad. Available lang ang Serbisyong ito sa mga valid na business, ibig sabihin ay para sa paggamit ng mga business customer sa kanilang pangkumpanya o pangkomersyal na kapasidad. Kapag ginamit ang aming Serbisyo para sa anupamang layunin, lumalabag ka sa Kasunduang ito. Maliban kung iba ang itinatakda ng Iskedyul A para sa Currency Account, puwede naming wakasan o suspindihin ang iyong Remitly Business Account o ihinto ang pagbibigay sa iyo ng Serbisyo, at puwede naming baguhin, paghigpitan, o ihinto ang lahat o anumang bahagi ng Mobile App, website, o Serbisyo, sa bawat kaso ay anumang oras, nang may abiso man o wala, at nang walang pananagutan sa iyo.

4. Mga Link ng Remitly Business

Itinatakda sa seksyong ito ang mga partikular na tuntunin kung saan puwede kang gumawa ng link sa pagbabayad (“link”), bilang isang function ng Serbisyo. Ang link ng Remitly Business ay isang link na puwede mong i-share sa recipient para makumpleto ang remittance transfer na pinapahintulutan mong gawin ng Remitly, gamit ang impormasyon sa pagbabayad na ibibigay ng recipient. Tandaang hindi nagbibigay ang Remitly ng mga serbisyo sa pagbabayad sa recipient kung saan pinili mong gumawa at gumamit ng link para sa remittance transfer.

ANG ISANG LINK NG REMITLY BUSINESS NA GINAWA MO AY MAGAGAMIT NG SINUMANG MAY ACCESS DITO PARA MAKATANGGAP NG MGA PAGBABAYAD. PAKITIYAK NA SECURE MONG SINE-SEND ANG LINK NG REMITLY BUSINESS AT KILALA AT PINAGKAKATIWALAAN MO ANG TAO KUNG KANINO MO SINE-SEND ANG LINK NG REMITLY BUSINESS.

Paggawa at Pagkansela ng Mga Link at Paghihigpit. Dapat mayroon kang Remitly Business Account para makagawa ng link. Puwede kang mag-send ng link ng Remitly Business sa recipient, kahit na wala siyang Remitly account. Dapat aktibo ang iyong account at may good standing ito para sa tagal ng link. Nakalaan sa amin ang karapatan na paghigpitan ang paggawa ng mga link o suspindihin ang isang link anumang oras nang walang pananagutan sa iyo o sa amin. Puwede mong kanselahin ang isang aktibong link sa pamamagitan ng iyong Remitly Business account sa kundisyong hindi pa nagagamit ang link. Kapag nagamit na ang isang aktibong link, hindi mo na ito puwedeng kanselahin. Hindi mo na rin magagawang kanselahin o baguhin ang pagbabayad sa recipient.

Awtorisasyon para sa Paggawa ng Mga Link. Sa pamamagitan ng paggawa ng isang link, inuutusan at pinapahintulutan mo ang Remitly na kumpletuhin ang isang transfer alinsunod sa impormasyon sa pagbabayad na ibinigay ng recipient ng link. Ang isang link ng Remitly Business na ginawa mo ay magagamit ng sinumang may access sa link. Pakitiyak na kilala at pinagkakatiwalaan mo ang tao kung kanino mo sine-send ang link ng Remitly Business. Kung gagamitin ng ibang tao bukod pa sa iyong nilalayong recipient ang link para sa transfer, nauunawaan mo at sumasang-ayon ka na hindi mananagot ang Remitly, kasama ang mga sitwasyon kung saan maling nag-send ka ng link sa isang tao bukod pa sa iyong nilalayong recipient, o ipinasa ng iyong nilalayong recipient ang link sa ibang tao, o nagbigay ang nilalayong recipient ng nagkamali o maling impormasyon sa link.

Refund ng Mga Fee. Sa ilang sitwasyon, ang kabuuang halaga ng transfer na ipinapakita sa iyo kapag gumagawa ng link ng Remitly Business ay posibleng maglaman ng pinakamataas na posibleng fee para sa iyong (mga) napiling delivery method. Kapag pinili ng iyong recipient ang isang delivery method, magbibigay sa iyo ang Remitly ng refund para sa anumang pagkakaiba, kung mayroon man, sa pagitan ng ipinakitang halaga ng fee at ng aktwal na halaga ng fee.

5. Paggawa at Pamamahala ng Invoice

5.1 Puwedeng gawing available sa iyo ng Remitly ang paggawa ng invoice at mga kaugnay na feature sa pamamagitan ng Serbisyo, sa sariling pagpapasya ng Remitly. Walang garantiya ang availability ng mga feature na ito, at posibleng paghigpitan, baguhin, o ihinto ng Remitly ang anumang naturang feature, sa kabuuan o bahagi nito, sa anumang oras nang walang pananagutan sa iyo. Kung saan available, puwede kang gumawa ng mga invoice sa pamamagitan ng Serbisyo.

5.2 Puwede mong gamitin ang Serbisyo para i-send at i-track ang iyong mga invoice. Ibinibigay ng Remitly ang mga feature na ito bilang mga software tool lang at hindi kumikilos ang mga ito bilang agent mo para sa mga layunin ng pag-invoice, pagsingil,

buwis, o pagsunod. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga feature na ito ng Serbisyo, isinasaad at kinukumpirma mong mayroon ka ng lahat ng karapatan at pahintulot na kinakailangan para makapag-send ng mga invoice at paalala sa iyong mga customer at na ang lahat ng impormasyon sa iyong mga invoice ay kumpleto, tumpak, at legal na sumusunod sa anumang sumasaklaw na kasunduan at naaangkop na batas.

5.3 Hindi nagbibigay ang Remitly ng anumang payo sa buwis, batas, o pagsunod sa pamamagitan ng feature na pag-invoice. Walang pananagutan ang Remitly para sa anumang invoice o paalalang na-send mo gamit ang Serbisyo, kasama ang mga maling na-send o hindi natanggap. Walang tinatanggap na pananagutan ang Remitly na kaugnay ng mga transaction na pinagbabatayan ng mga invoice na ginawa at/o na-send sa pamamagitan ng Serbisyo at ikaw ang responsable para sa paglutas ng anumang kaugnay na dispute.

5.4 Hindi isinasaad o kinukumpirma ng Remitly na ang anumang invoice na nabuo sa pamamagitan ng Serbisyo ay sumusunod sa anumang batas, regulasyon, o requirement na naaangkop sa iyo o sa business mo, kasama ang nire-require na content, format, o delivery method. Ikaw ang tanging responsable para sa pagtiyak na nakakatugon ang iyong mga invoice sa lahat ng naaangkop na legal at requirement sa regulasyon.

6. Currency Account

Kung kwalipikado ang iyong business, puwede kang mag-enroll sa Currency Account (ang “Currency Account”), isang virtual account sa U.S. dollar na ginagawang available ng Provider ng Currency Account (gaya ng tinukoy sa Seksyon A.1 ng Iskedyul A) (tinutukoy ding “Provider ng USD Virtual Account”), at ipinapakita sa Remitly app at website bilang iyong “USD Account” at tinutukoy din sa Kasunduang ito bilang “USD Virtual Account.”

Sinasaklaw ng Iskedyul A ang papel ng Remitly sa teknolohiya at suporta, at dapat mong hiwalay at tahasang tanggapin ang Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider nang direkta sa Provider ng Currency Account kapag nag-enroll ka. Sinasaklaw ng Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider ang pinagbabatayang virtual account at mga kaugnay na serbisyo. Bahagi ng Kasunduang ito ang Iskedyul A pero nalalapat lang ito sa iyo kung mag-e-enroll ka. Ipinapaliwanag sa Seksyon 15.4 kung aling mga tuntunin ang mangingibabaw kung magkasalungat ang mga ito.

7. Katanggap-tanggap na Paggamit

Itinatakda sa seksyong ito ang mga tuntunin kung saan puwede mong gamitin ang

aming Serbisyo at nalalapat ito sa sandaling i-access at/o gamitin mo ang Business Account at Serbisyo.

7.1 Pagsunod. Puwede mo lang gamitin ang aming Serbisyo para sa mga layuning naaayon sa batas. Sumasang-ayon kang gagamitin ang Serbisyo alinsunod sa lahat ng naaangkop na batas, panuntunan, at regulasyon, kasama ang pero hindi limitado sa anti-money laundering (AML), counter-terrorism financing (CTF), at mga regulasyon na know your customer (KYC) at mga requirement na know your business (KYB). Sumasang-ayon ka rin na sumunod sa mga naaangkop na tuntunin ng anumang Nakakonektang Serbisyo (gaya ng tinukoy sa Seksyon 17.2) na pipiliin mong gamitin. Hindi mo maaaring gamitin ang Mga Serbisyo sa anumang paraan na:

- lumalabag sa anumang naaangkop na lokal, pambansa, o internasyonal na batas o regulasyon, o nagdudulot na lumabag ang Remitly sa anumang naaangkop na batas o regulasyon;
- labag sa batas o mapanloko, o may anumang labag sa batas o mapanlokong layunin o epekto;
- para sa layuning magdulot ng panganib o subukang magdulot ng panganib sa mga menor de edad sa anumang paraan;
- para sa anumang bagay na mapang-abuso, mapanganib, o hindi sumusunod sa aming mga pamantayan sa content;
- para sa anumang hindi hinihingi o hindi awtorisadong pag-advertise, promotional na materyal, o anupamang anyo ng spam;
- makilahok sa mga mapanganib na program gaya ng mga virus, spyware, o katulad na computer code na idinisenyo para magkaroon ng hindi magandang epekto sa pagpapatakbo ng anumang computer software o hardware; o
- sa anumang paraang iiwas sa pagbabayad ng anumang naaangkop na lokal o internasyonal na buwis o magpapadali sa pag-iwas sa pagbabayad ng buwis.

7.2 Mga Ipinagbabawal na Aktibidad. Hindi mo dapat gamitin ang Serbisyong ito para sa mga ilegal na transaction, gaya ng money laundering, ilegal na pagsusugal, panloloko, o para pondohan ang mga aktibidad ng terorista. Sumasang-ayon ka ring hindi gagamitin ang Serbisyo sa anumang paraan na maaaring makasira, maka-disable, makabigat, o makapinsala sa aming mga system o seguridad.

Sa Kasunduang ito, kinukumpirma mong hindi mo gagawin ang sumusunod: (1) maliban kung saan ipinagbabawal ng batas, gamitin sa anumang paraan ang aming Serbisyo kaugnay ng mga business o aktibidad ng business na nakalista sa ibaba sa seksyong ito; at (2) mag-send ng pera sa isang Recipient na lumabag sa Kasunduang ito o sa [<u>Kasunduan sa User ng Remitly</u>](https://www.remitly.com/us/en/home/agreement). Habang nagbibigay ng mga halimbawa ang listahang ito, hindi nito

ibinibigay ang lahat ng posibleng halimbawa, at nakalaan sa amin ang karapatang suspindihin, limitahan, o huwag ibigay ang aming Serbisyo at/o isara ang iyong account, sa sarili naming pagpapasya, sa sinumang customer na pinaniniwalaan naming posibleng lumabag sa seksyong ito, anumang bahagi ng Kasunduang ito, o lumabag sa aming tolerance sa panganib.

- Mga produkto o serbisyong para sa entertainment ng nasa hustong gulang (sa anumang medium, kasama ang Internet, telepono, o naka-print na materyal);
- Mga business na alak;
- Mga produktong tabako;
- Cannabis;
- Ilang partikular na kinokontrol na substance o iba pang produkto na kumakatawan sa panganib sa kaligtasan ng consumer;
- Paraphernalia ng droga;
- Mga parmasyutiko;
- Mga kemikal;
- Mga produktong peke o hindi awtorisado (hal., hindi awtorisadong pagbebenta ng mga designer at/o branded na produkto);
- Pagsusugal;
- Paglabag sa mga karapatan sa intellectual property o pinagmamay-arian;
- Mga produkto at serbisyong hindi legal sa hurisdiksyon kung saan iniaalok ang mga ito;
- Mga armas, parte ng armas, bala, mga kasangkapan, o iba pang device na idinisenyo para magdulot ng pisikal na pinsala;
- Pag-trade ng ipinagbabawal at/o endangered na species ng hayop at mga produktong nakukuha sa mga ito;
- Crowdfunding o serbisyong nakabatay sa mga donasyon;
- Pagpapayo sa credit o mga ahensyang nag-aayos ng credit;
- Mga serbisyo ng pagprotekta sa credit o pagprotekta laban sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan;
- Mga abugado para sa pagka-bankrupt o mga ahensyang nangongolekta na kasama sa pagkolekta ng utang;
- Mga kumpanyang sangkot sa palitan o pag-trade ng mga cryptocurrency o anupamang virtual na currency;
- Mga escrow na serbisyo;
- Mga pinansyal na institusyon at pinansyal na produkto, serbisyo, at seguridad kasama ang mga facilitator ng bayad, mga Money Service Business, peer to peer na transaction, prepaid card, insurance ng tseke o iba pang pinansyal na merchandise o

serbisyo;

- Pag-order sa internet/mail/telepono ng mga produktong pinaghihigpitan ayon sa edad (hal., tabako);
- Mga multi-level marketing na business, pyramid scheme, at referral marketing;
- Mga produkto at serbisyong may mataas na panganib, kasama na ang mga pagbebenta sa pamamagitan ng telemarketing;
- Mga transaction at serbisyo sa real estate.

7.3 Katumpakan ng Impormasyon. Sumasang-ayon kang magbibigay ng tumpak, napapanahon, at kumpletong impormasyon tungkol sa iyong sarili at mga transaction mo, at agad na ia-update ang lahat ng impormasyon para panatilihin itong tumpak, napapanahon, at kumpleto.

7.4 Mga Pagbabago sa Seksyong ito. Posibleng baguhin namin ang Seksyong ito anumang oras. Inirerekomenda naming regular na suriin ang page na ito dahil legal na may bisa ito sa iyo.

8. Pagsunod at Pag-verify

8.1 Impormasyong KYB. Dapat kang magbigay ng tumpak at kumpletong impormasyon na nire-require para sa pagsunod sa KYB at dapat agad mong i-update ang anumang pagbabago sa impormasyong ito.

8.2 Pagsusuri sa Pagsunod. Nakalaan sa amin ang karapatang magsagawa ng mga pagsusuri at pag-audit para sa pagsunod para ma-verify ang iyong pagsunod sa Kasunduang ito at sa mga naaangkop na batas.

9. Mga Fee at Pagbabayad

Tutukuyin ang mga fee para sa aming Serbisyo sa dashboard ng iyong account o sa hiwalay na iskedyul ng fee at posible itong i-update paminsan-minsan. Ikaw ang responsable para sa pagbabayad ng lahat ng fee na nauugnay sa iyong mga transaction at anumang naaangkop na buwis.

Mga Limit sa Transaction. Posibleng ilapat ang mga limit sa transaction sa iyong paggamit ng aming Serbisyo, na puwedeng magkakaiba batay sa iyong status sa pagsunod, history ng transaction, at sa aming pag-assess sa panganib. Nakalaan sa amin ang karapatang i-adjust ang mga limit na ito alinsunod sa mga requirement sa

regulasyon at sa aming mga patakaran sa pamamahala sa panganib. Nalalapat sa Currency Account ang hiwalay na mga limit, kasama ang mga limit na itinakda ng Provider ng Currency Account, gaya ng inilalarawan sa Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider.

Perpektong Pangako sa Delivery. Bago ka magsumite ng Transaction, magbibigay kami sa iyo ng eksaktong petsa at oras kung kailan mo maaasahang mai-deliver ang pera mo sa iyong Recipient, at nakalagay din ito sa resibo ng Transaction mo. Kung maide-deliver ang pera mo pagkatapos ng petsa at oras na ipinakita namin bago ang pag-send ng Transaction mo at inilagay namin sa iyong resibo, kwalipikado ka para sa refund ng Mga Fee sa Serbisyo na siningil namin para sa Transaction. Para matanggap ang refund na ito ng Mga Fee sa Serbisyo, dapat kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng mga paraang nakalista sa ibaba at humiling ng refund ng Mga Fee sa Serbisyo na siningil sa pinag-uusapang Transaction.

- Mag-send sa amin ng email sa [<u>us-complaints@remitly.com</u>] (mailto:us-complaints@remitly.com);
- makipag-ugnayan sa amin sa aming [<u>Page ng Mga Reklamo</u>](https://www.remitly.com/us/en/help/article/complaints-process?language=en*US);*
- tawagan kami sa 1-844-604-0924; o
- mag-send sa amin ng mail sa Remitly, Inc., Attn: Customer Service, 401 Union Street, Suite 1000, Seattle, WA 98101, USA.

10. Pagbabayad-danyos

Sumasang-ayon kang babayaran ng danyos at hindi ipapahamak ang Remitly, Mga Provider ng Serbisyo, at ang mga kaukulang subsidiary, opisyal, ahente, partner, at empleyado mula sa anumang claim o demand, kasama na ang mga makatuwirang fee ng abugado, na ginawa ng sinumang third party dahil sa o nagmumula sa iyong paggamit ng Serbisyo, iyong koneksyon sa Serbisyo, iyong paggamit ng anumang Nakakonektang Serbisyo, iyong paglabag sa Kasunduan, o iyong paglabag sa anumang karapatan ng iba.

11. LIMIT NG PANANAGUTAN

MALIBAN SA ITINATAKDA SA SEKSYON A.5 NG ISKEDYUL A PATUNGKOL SA CURRENCY ACCOUNT, HANGGANG SA GANAP NA LIMIT NA PINAPAHINTULUTAN NG NAAANGKOP NA BATAS, HINDI KAILANMAN MANANAGOT ANG REMITLY, MGA PROVIDER NG SERBISYO, O ANG MGA KAUKULANG SUBSIDIARY, OPISYAL, AHENTE, PARTNER, O EMPLEYADO PARA SA ANUMANG DIREKTA, HINDI DIREKTA,

NAGKATAON, ESPESYAL, KINAHINATNAN O EXEMPLARY NA DANYOS NA LALAMPAS SA HALAGANG \$500.00 (BUKOD PA SA PAG-REFUND NG HALAGA NG TRANSACTION AT MGA FEE SA SERBISYO), KASAMA ANG, PERO HINDI LIMITADO SA MGA PINSALA SA PAGKAWALA NG KITA, GOODWILL, PAGGAMIT, DATA, O IBA PANG PAGKAWALANG HINDI NAHAHAWAKAN (INTANGIBLE) (KAHIT NA PINAYUHAN NA ANG REMITLY TUNGKOL SA POSIBILIDAD NG MGA NATURANG PINSALA) NA NAGRERESULTA MULA SA KAPABAYAAN NG REMITLY, MGA PARTNER SA DISBURSEMENT, O NG KANILANG MGA KAUKULANG SUBSIDIARY, OPISYAL, AHENTE, PARTNER, O EMPLEYADO.

12. MGA SERBISYONG IBINIBIGAY NANG WALANG WARRANTY

ANG SERBISYO SA BUSINESS AY IBINIBIGAY NANG GANOON AT AYON SA PAGIGING AVAILABLE. ITINATANGGI NG REMITLY ANG LAHAT NG IPINAHAYAG, IPINAHIWATIG, O NASA BATAS NA WARRANTY NG TITULO (PAGMAMAY-ARI), KAKAYAHANG MAIKALAKAL, O KAANGKUPAN PARA SA ISANG PARTIKULAR NA LAYUNIN, AT LAHAT NG WARRANTY NG HINDI PAGLABAG NG SERBISYO. WALANG ANUMAN SA KASUNDUANG ITO ANG PAPAKAHULUGAN PARA GUMAWA O MAGPAHIWATIG NG ANUMANG NASABING WARRANTY.

ANG MGA SERBISYO NG THIRD-PARTY AY HINDI IBINIBIGAY O KINOKONTROL NG REMITLY. ANG REMITLY AY HINDI NAGBIBIGAY NG SUPORTA PARA SA AT ITINATANGGI NITO ANG LAHAT NG PANANAGUTANG NAGMUMULA SA MGA PAGKABIGO O PAGKALUGING IDINUDULOT NG MGA SERBISYO NG THIRD-PARTY.

ITINATANGGI NG REMITLY ANG LAHAT NG WARRANTY AT HINDI NITO GINAGARANTIYAHAN NA (A) TUMPAK AT WALANG ERROR ANG SERBISYO AT DATA NA IBINIBIGAY SA ILALIM NG KASUNDUANG ITO; (B) MATUTUGUNAN NG SERBISYO ANG IYONG MGA PARTIKULAR NA PANGANGAILANGAN O REQUIREMENT; (C) ANG SERBISYO AY MAGAGAMIT NG KUMPANYA, MGA ADMINISTRATOR, O USER SA ANUMANG PARTIKULAR NA ORAS O LOKASYON; (D) ANG MGA SERBISYO AY HINDI MAAANTALA, SECURE, O HINDI TATAMAAN NG HACKING, MGA VIRUS, O NAKAKAPINSALANG CODE; AT (E) IWAWASTO ANG ANUMANG DEPEKTO SA MGA SERBISYO, KAHIT NA PINAYUHAN KAMI TUNGKOL SA MGA NASABING DEPEKTO.

MALIBAN SA ITINATAKDA SA ISKEDYUL A O AYON SA NIRE-REQUIRE NG NAAANGKOP NA BATAS, WALANG PANANAGUTAN ANG REMITLY PARA SA AT ITINATANGGI NITO ANG PANANAGUTAN PARA SA ANUMANG PINSALA, PANGANIB O PAGKALUGI MO, SINUMANG USER, O ANUMANG ENTITY NA MAGMUMULA SA HINDI AWTORISADONG PAG-ACCESS O PAGGAMIT NG IYONG ACCOUNT O NG SERBISYO.

13. PAGLUTAS NG DISPUTE AT KASUNDUAN SA ARBITRASYON

NAAAPEKTUHAN NG SEKSYONG ITO ANG IYONG MGA KARAPATAN, MANGYARING BASAHIN NANG MABUTI BAGO SUMANG-AYON SA KASUNDUANG ITO.

13.1 Mga Dispute sa Remitly. Ayon sa ginamit sa Kasunduang ito, kasama sa "Claim" ang anumang claim, dispute, o kontrobersiya sa nakaraan, kasalukuyan, o hinaharap na kinasasangkutan mo at ng Remitly na nauugnay sa o nagmumula sa Kasunduang ito, sa Serbisyo sa Remitly Business, sa technology platform ng Remitly, sa papel ng Remitly bilang provider ng technology platform at first-line na liaison para sa serbisyo sa customer para sa Currency Account, at/o sa mga aktibidad o ugnayang kinasangkutan ng, humantong sa, o nagresulta mula sa Kasunduang ito. Sa kabila ng anumang salungat dito sa Seksyon 13 na ito, ang anumang claim, kontrobersiya, o dispute sa pagitan mo at ng Provider ng Currency Account na nagmumula sa o nauugnay sa Currency Account, sa mga serbisyo ng virtual account, o sa Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider (bawat isa ay "Dispute sa Third-Party na Provider") para sa Currency Account ay hindi sasaklawin ng Seksyon 13 na ito, kundi mahigpit at eksklusibong sasaklawin ng mga probisyon sa paglutas ng dispute, sumasaklaw na batas, at may bisang arbitrasyon na itinakda sa Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider, gaya ng inilalarawan sa Seksyon A.5 ng Iskedyul A.

Kung naniniwala ka o ang Remitly na posibleng may Claim ang isa laban sa kabila, sumasang-ayon ka at ang Remitly na talakayin ang Claim sa paraang hindi pormal sa loob ng animnapung (60) araw para i-explore kung posibleng magkaroon ng resolusyon. Sa panahong ito, sumasang-ayon ka at ang Remitly na pansamantalang ititigil ang pagtakbo ng anumang naaangkop na statute of limitations (batas sa takdang panahon ng paghahain ng claim). Dapat magsimula ang animnapung (60) araw na ito sa pamamagitan ng pagse-send ng Abiso sa Claim, na dapat ay may kasamang maikling paglalarawan sa sinasabing Claim at ang mga katotohanan at batas na sumusuporta sa sinasabing Claim sa kabilang partido. Sumasang-ayon kang magse-send ka sa amin ng abiso sa Remitly, Inc., Attn: Legal, 401 Union Street, Suite 1000, Seattle, WA 98101, USA. Kung maniniwala ang Remitly na mayroon itong Claim laban sa Iyo, aabisuhan ka ng Remitly tungkol sa Claim na iyon sa pamamagitan ng pagse-send sa iyo ng email sa address na ibinigay sa iyong seksyong profile ng Remitly Account mo.

Kung hindi mo malulutas at ng Remitly ang sinasabing Claim sa loob ng animnapung (60) araw mula noong matanggap namin ang Abiso sa Claim, ang partidong nanghihingi ng Claim ay puwede nang magsimula ng arbitrasyon o isang aksyon para sa maliliit na claim gaya ng inilalarawan sa ibaba.

Sumasang-ayon ka at ang Remitly na ang pagse-send ng Abiso sa Claim at paglahok sa mga hindi pormal na proseso para sa hindi pagkakaunawaan na tinalakay sa itaas ay

prerequisite sa pagsisimula ng anumang arbitrasyon o pagkilos para sa maliliit na claim. Ang hindi pagsunod sa nire-require na Abiso sa Claim ay batayan para sa pag-dismiss ng anumang arbitrasyon o pagkilos para sa maliliit na claim.

13.2 Arbitrasyon.

Sumasang-ayon ka at ang Remitly na ang anumang Claim ay lulutasin sa pamamagitan ng indibidwal at may bisang arbitrasyon. SA PAMAMAGITAN NITO, SUMASANG-AYON KA AT ANG REMITLY NA ALISIN ANG ANUMANG KARAPATAN SA ISANG PAGLILITIS NG JURY AT SUMASANG-AYON NA IKAW AT KAMI AY POSIBLENG MAGHAIN NG MGA CLAIM LABAN SA ISA'T ISA SA INDIBIDWAL NA KAPASIDAD LANG, AT HINDI BILANG ISANG NAGSASAKDAL O MIYEMBRO NG CLASS SA ANUMANG PAGLILITIS NG CLASS O KINATAWAN. Sisimulan ng partidong naghahanap ng arbitrasyon ang nasabing arbitrasyon sa JAMS, isang matagal nang provider ng alternative dispute resolution (ADR). Makikita ang impormasyon tungkol sa JAMS sa website nito sa [<u>https://www.jamsadr.com/</u>](https://www.jamsadr.com/)**. Sumasang-ayon ka rin at ang Remitly na ang anumang dispute sa pagiging nalalapat nitong Seksyon 13, kung maaaring idaan sa arbitrasyon ang isang Claim, o ang saklaw o kakayahang maipatupad nitong Seksyon 13 ay pagpapasyahan ng arbitrator.**

Nakadepende sa pinag-uusapang halaga ang mga panuntunang sumasaklaw sa anumang arbitrasyon sa pagitan Mo at ng Remitly. Para sa Mga Claim sa pagitan Mo at ng Remitly kung saan ang kabuuang value ng lahat ng Claim (kasama ang mga fee ng abugado hanggang sa limit na ibinigay sa ilalim ng naaangkop na batas) ay lumampas sa \$250,000, ang arbitrasyon ay dapat pangasiwaan ng JAMS alinsunod sa Mga Kumprehensibong Panuntunan at Pamamaraan ng Arbitrasyon nito. Available ang kopya ng Mga Kumprehensibong Panuntunan at Pamamaraan ng Arbitrasyon ng JAMS sa [<u>https://www.jamsadr.com/rules-comprehensive-arbitration/</u>](https://www.jamsadr.com/rules-comprehensive-arbitration/)**. Para sa Mga Claim sa pagitan Mo at ng Remitly kung saan ang kabuuang halaga ng lahat ng Claim (kasama ang mga fee ng abugado hanggang sa limit na ibinigay sa ilalim ng naaangkop na batas) ay hindi lumampas sa \$250,000, ang arbitrasyon ay dapat pangasiwaan ng JAMS alinsunod sa Mga Naka-streamline na Panuntunan at Pamamaraan ng Arbitrasyon nito. Available ang kopya ng Mga Naka-streamline na Panuntunan at Pamamaraan ng Arbitrasyon ng JAMS sa** [<u>https://www.jamsadr.com/rules-streamlined-arbitration/#Rule-1</u>](https://www.jamsadr.com/rules-streamlined-arbitration/)**.**

Walang hukom o jury sa arbitrasyon, at limitado ang pagsusuri ng hukuman sa isang gawad (award) sa arbitrasyon alinsunod sa Federal Arbitration Act, 9 U.S.C. § 1 et seq. Gayunpaman, ang arbitrator ay puwedeng maggawad sa indibidwal na batayan ng mga parehong pinsala at relief gaya sa isang hukuman (kasama ang injunctive at declaratory relief o mga statutory damage) at dapat itong sumunod sa Mga Tuntunin na

tulad ng gagawin ng hukuman. Para maiwasan ang pagdududa, ang arbitrator ay puwedeng maggawad ng pampublikong injunctive relief kung awtorisado ng batas at kinakailangan ng (mga) indibidwal na claim.

13.2.A Maramihang Arbitrasyon. Sa kabila ng nabanggit, kung mahigit 75 customer, na kinakatawan ng iisa, magkakaugnay, o nagtutulungang abugado o law firm, ang nagpasimula ng arbitrasyon laban sa Remitly na nagpasa ng magkakatulad o magkakaugnay na Claim, papangasiwaan ang Mga Claim bilang maramihang arbitrasyon sa ilalim ng Mga Pamamaraan at Tagubilin sa Maramihang Arbitrasyon ("Mga Pamamaraan") ng JAMS. Alinsunod sa Mga Pamamaraan, puwedeng pagsama-samahin o gawan ng batch ang Mga Claim sa pagpapasya ng arbitrator ng JAMS o ng isang Administrator ng Proseso. Kapag naghain ng maramihang arbitrasyon alinsunod sa Mga Pamamaraan, dapat bayaran ng mga partido ang JAMS ng panimulang fee sa paghahain ayon sa itinakda sa Iskedyul ng Fee sa Pamamaraan ng Maramihang Arbitrasyon ng JAMS. Available ang kopya ng Mga Pamamaraan at Tagubilin sa Maramihang Arbitrasyon ng JAMS sa [<u>https://www.jamsadr.com/mass-arbitration-procedures</u>](https://www.jamsadr.com/mass-arbitration-procedures). Available ang kopya ng Iskedyul ng Fee sa Pamamaraan ng Maramihang Arbitrasyon ng JAMS sa [<u>https://jamsadr.widen.net/s/slxsvxcgmp/jams-jams-mass-arbitration-procedures-fee-schedule-general</u>](https://jamsadr.widen.net/s/slxsvxcgmp/jams-jams-mass-arbitration-procedures-fee-schedule-general).

13.2.B WAIVER SA JURY AT WAIVER SA CLASS ACTION. HANGGANG SA GANAP NA LIMIT NA PINAPAHINTULUTAN NG NAAANGKOP NA BATAS, KINIKILALA MO AT SUMASANG-AYON KA NA SA PAMAMAGITAN NG PAGSANG-AYON NA IDAAN SA ARBITRASYON ANG MGA CLAIM AYON SA SINABI SA KASUNDUANG ITO, IKAW AT ANG REMITLY AY SUMASANG-AYON NA I-WAIVE ANG KARAPATAN SA ISANG PAGLILITIS NG JURY O LUMAHOK BILANG ISANG NAGSASAKDAL O MIYEMBRO NG CLASS SA ANUMANG PAGLILITIS NG CLASS O KINATAWAN.

13.2.C Pag-opt out. Puwede kang mag-opt out dito sa Seksyon 13 sa pamamagitan ng pag-aabiso sa amin para sa iyong affirmative na pag-opt out sa pamamagitan ng pagsusulat sa loob ng tatlumpung (30) araw sa kalendaryo pagkatapos tanggapin ang Kasunduang ito sa pamamagitan ng pagse-send sa amin ng notification sa pamamagitan ng mail ayon sa sumusunod: Remitly, Inc., Attn: Legal, 401 Union Street, Suite 1000, Seattle, WA 98101, USA. Dapat mong isama sa notification na iyon ang isang nilagdaang pahayag ng Iyong kagustuhang mag-opt out dito sa Seksyon 13. Ituturing na napapanahon ang isang abiso kung naselyuhan ito sa o bago ang ika-30 araw sa kalendaryo pagkatapos tanggapin ang Kasunduang ito. Ang pag-enroll sa Currency Account ay hindi magsisimula ng bagong panahon ng pag-opt out para sa Serbisyo sa Business at sa iba pang feature na iniaalok sa ilalim ng Kasunduang ito.

13.2.D Pagbubukod sa Hukuman ng Maliliit na Claim. Sa kabila ng nabanggit, ikaw at

ang Remitly ay sumasang-ayon na kung ang kabuuang halaga ng lahat ng Claim sa pagitan mo at ng Remitly ay mas mababa sa hurisdiksyonal na limit ng hukuman ng maliliit na claim sa estado kung saan ka nakatira, posible itong isagawa ng partidong nanghihingi ng nasabing Mga Claim sa isang pagkilos para sa maliliit na claim sa estado kung saan ka nakatira.

13.2.E Mga Gastos at Fee. Ang pagbabayad ng lahat ng fee para sa paghahain, pangangasiwa, at arbitrator ay papamahalaan ng mga naaangkop na panuntunan ng JAMS, na napapailalim sa anumang limit ng estado sa mga gastos sa arbitrasyon. Kung mananalo ka sa arbitrasyon, posibleng bigyan ka ng gawad para sa mga fee at gastusin sa abugado, hanggang sa pinapahintulutan ng naaangkop na batas. Hindi hihingi ang Remitly, at sa pamamagitan nito ay iwi-waive nito ang lahat ng karapatang mayroon ito sa ilalim ng naaangkop na batas sa pagkuha ng mga fee at gastusin sa abugado kung mananalo ito sa arbitrasyon maliban na lang kung matuklasan ng arbitrator na walang katuturan o inihain nang may hindi naaangkop na layunin ang alinman sa nilalaman ng iyong Claim o relief.

13.2.F Federal Arbitration Act. Ikaw at ang Remitly ay sumasang-ayon na ang Kasunduang ito ay nagsisilbing ebidensya ng transaction sa interstate na komersyo at samakatuwid ay nalalapat ang Federal Arbitration Act (9 U.S.C. § 1, et seq.) kasama na ang mga probisyon ng pamamaraan, sa lahat ng aspeto. Nangangahulugan ito na ang Federal Arbitration Act ang namamahala, bukod sa iba pang bagay, sa pagpapakahulugan at pagpapatupad sa Kasunduan sa Arbitrasyon at sa lahat ng probisyon nito, kasama na, nang walang limit, ang waiver sa class action.

13.3 Forum para sa Mga Claim. Sakaling matukoy ng isang hukuman na hindi maipapatupad ang Seksyon 13 na ito, Ikaw at ang Remitly ay sumasang-ayon na ang anumang Claim ay dapat lutasin ng anumang hukuman ng estado o pederal na matatagpuan sa o sumasaklaw sa King County, Washington. Ikaw at ang Remitly ay sumasang-ayon na magpailalim sa personal na hurisdiksyon ng mga hukuman ng estado at pederal na matatagpuan sa loob ng at sumasaklaw sa King County, Washington para sa mga layuning litisin ang lahat ng nasabing Claim.

13.4 Kakayahang Maihiwalay ang Probisyon sa Arbitrasyon. Sa pagkakataong matukoy ng arbitrator na hindi maipapatupad o walang bisa ang Seksyon 13.2.B (WAIVER SA JURY AT WAIVER SA CLASS ACTION), ihihiwalay itong buong Seksyon 13 mula sa Kasunduan at ipapatupad ang Kasunduan na parang hindi kasama sa Kasunduan ang Seksyon 13 na ito.

14. Sumasaklaw na Batas

Para sa mga dispute sa kahulugan ng Kasunduang ito, maliban sa mga tuntunin ng Seksyon 13, ikaw at ang Remitly ay sumasang-ayon na ang Kasunduang ito ay papangasiwaan ng, at lulutasin ang lahat ng Claim alinsunod sa mga batas ng Washington, maliban sa batas na sumasaklaw sa mga salungatan ng mga batas, at ang lahat ng aktibidad na ginawa kaugnay ng Serbisyo ay ituturing na ginawa sa Washington.

Ang naunang pagpili ng sumasaklaw na batas ay hindi nalalapat sa serbisyong ibinibigay ng Provider ng Currency Account, sa Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider, o sa anumang Dispute sa Third-Party na Provider, na bawat isa ay eksklusibong sasaklawin ng sumasaklaw na batas na tinukoy sa naaangkop na Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider.

15. Miscellaneous

15.1 Buong Kasunduan. Ang Kasunduan, kasama ang Iskedyul A (kung nag-enroll ka sa Currency Account) at ang mga patakaran at tuntuning isinama rito bilang reference, ay sumasaklaw sa buong kasunduan sa pagitan mo at ng Remitly at pinapamahalaan nito ang paggamit mo sa Serbisyo sa Business, na nangingibabaw sa anumang naunang kasunduan sa pagitan mo at ng Remitly.

15.2 Walang Waiver. Ang hindi paggamit o pagpapatupad ng Remitly sa anumang karapatan o probisyon ng Kasunduan ay hindi nangangahulugan ng waiver sa naturang karapatan o probisyon. Kung mapag-aalaman ng isang arbitrator o hukuman ng naaangkop na hurisdiksyon na hindi valid ang anumang probisyon ng Kasunduan, sumasang-ayon ang mga partido na dapat sikapin ng arbitrator o hukuman na bigyan ng naaangkop na valid na bisa ang intensyon ng Kasunduan gaya ng ipinapakita sa probisyon, at mananatiling ganap na ipinapatupad at may bisa ang iba pang probisyon ng Kasunduan.

15.3 Force Majeure. Maliban hanggang sa limit na nire-require sa ilalim ng naaangkop na batas patungkol sa isang Transaction na tinanggap na, hindi kami mananagot para sa anumang pagpalya o pagkaantala sa performance ng Serbisyo hangga't ang naturang pagpalya o pagkaantala ay dulot ng mga bagay na hindi namin makatuwirang makokontrol, kabilang, nang walang limit ang: mga pagbabago sa mga naaangkop na batas; pagsasara o hindi pagiging available ng nire-require na pisikal na imprastraktura o imprastraktura ng network; sovereign default; pagkawala ng kuryente o internet; kaguluhan; digmaan; at lindol, sunog, baha, o iba pang likas na sakuna.

15.4 Iba pang Tuntunin; Pagkakasunod-sunod ng Pangingibabaw. Ang Kasunduang ito ay puwedeng madagdagan ng mga tuntuning nalalapat sa iba pang promotion, sa

aming Programa sa Referral, at iba pang tuntuning nalalapat sa iyo kapag ginamit mo ang Serbisyo. Ang mga tuntuning ito ay idinaragdag sa Kasunduang ito bilang reference.

Kung may tahasang salungatan sa pagitan ng mga dokumentong bumubuo sa iyong legal na ugnayan: (a) ang Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider ang eksklusibong mangingibabaw at masusunod patungkol sa Currency Account, pag-iingat ng pondo (fund custody), mga balanse ng account, at lahat ng karapatan at obligasyon ng Provider ng Currency Account; (b) para sa mga bagay na mahigpit na may kinalaman sa application, user interface, at paghahatid ng teknolohiya ng Remitly para sa Currency Account, ang Iskedyul A ang mangingibabaw sa natitirang bahagi ng Kasunduang ito; at (c) sa iba pang sitwasyon, ang Kasunduang ito ang mangingibabaw sa anumang pantulong na patakaran ng platform.

15.5 Pagtatalaga. Hindi mo puwedeng italaga o i-transfer ang anumang obligasyon o benepisyo sa ilalim ng Kasunduang ito nang walang pahintulot ng Remitly. Ang anumang pagtatangkang magtalaga o mag-transfer na labag sa nakaraang pangungusap ay mawawalan ng bisa sa bawat pagkakataon. Kung gusto mong italaga ang Kasunduang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa amin. Maaaring malayang italaga at i-transfer ng Remitly, nang walang pahintulot mo, ang Kasunduang ito, kasama ang alinman sa mga karapatan o obligasyon nito sa ilalim ng Kasunduang ito. Ang Kasunduang ito ay magkakaroon ng bisa sa, at tiyak na magbebenepisyo sa, at maipapatupad ng mga partido at kanilang mga pinapahintulutang pagtatalaga.

15.6 Kakayahang Maihiwalay. Kung hindi maipapatupad ang isang probisyon ng Kasunduang ito, nilalayon ng mga partido na ipatupad ang Kasunduang ito na parang hindi kasama ang hindi maipapatupad na probisyon, at ipapatupad ang anumang bahagyang may bisa at maipapatupad na probisyon hanggang sa limit na maipapatupad ito.

15.7 Pagpapatuloy ng Bisa. Ang anumang probisyon ng Kasunduang ito, kasama ang Iskedyul A, na dahil sa katangian nito ay dapat manatiling may bisa pagkatapos ng pagwawakas ng Kasunduang ito o ng pagsasara ng iyong Business Account o Currency Account ay mananatiling may bisa, kasama ang mga probisyon tungkol sa mga fee at halagang dapat mong bayaran, mga reversal at set-off, mga error at hindi awtorisadong transaction, mga sanction at pag-share ng impormasyon, pagbabayad-danyos, limit ng pananagutan, mga pagtatanggi (disclaimer), paglutas ng dispute at arbitrasyon, at sumasaklaw na batas.

16. Wika

Ang Kasunduang ito ay ginawan ng draft sa wikang Ingles at posibleng magbigay ng mga pagsasalin sa iba pang mga wika. Sumasang-ayon kang mangingibabaw ang English na bersyon ng Kasunduan kung sakali mang magkaroon ng hindi pagtutugma sa pagitan ng English na bersyon at mga isinaling bersyon kaugnay ng anumang dispute na nauugnay sa Kasunduang ito.

17. Mga Serbisyo ng Third-Party

17.1 Mga Serbisyong Ibinibigay ng Mga Third-Party na Provider. Posibleng gawing available ng Remitly sa pamamagitan ng Serbisyo sa Business ang mga serbisyong ibinibigay ng mga third party, gaya ng Currency Account. Iniaalok ng mga provider na ito ang kanilang mga serbisyo sa ilalim ng sarili nilang mga tuntunin at kundisyon at ng sarili nilang mga lisensya at obligasyon sa regulasyon. Sa pamamagitan ng pag-enroll sa o paggamit ng serbisyong iniaalok ng isang third-party na provider, sumasang-ayon ka sa mga tuntunin ng provider na iyon na nalalapat dito. Ang mga serbisyong iyon ay posibleng napapailalim sa mga requirement sa kontrata, operasyon, pagsunod, at regulasyon na naiiba sa, o karagdagan sa, mga nasa Kasunduang ito. Kung hindi ka sumasang-ayon sa mga tuntunin ng isang provider, huwag gamitin ang serbisyong iyon. Para sa serbisyong hindi ang Currency Account, mangingibabaw ang mga tuntunin ng provider sa Kasunduang ito hanggang sa limit lang na mahigpit na kinakailangan para mapatakbo ang serbisyong iyon.

Ipinapaliwanag sa Seksyon 15.4 kung aling mga tuntunin ang mangingibabaw para sa Currency Account. Ang Currency Account ay hindi isang Serbisyo ng Third-Party para sa mga layunin ng Seksyon 12 o ng Mga Seksyon 17.2 hanggang 17.5, at itinatakda ng Iskedyul A ang papel at mga responsibilidad ng Remitly para dito.

17.2 Mga Website, Application, Ad, at Nakakonektang Serbisyo ng Third-Party. Ang Serbisyo sa Business ay posibleng maglaman ng mga link sa mga website ng third-party (“Mga Website ng Third-Party”), application (“Mga Application ng Third-Party”), at advertisement para sa mga third party (“Mga Ad ng Third-Party”). Kapag nag-click ka ng link sa isang Website ng Third-Party, Application ng Third-Party, o Ad ng Third-Party, hindi ka namin bibigyan ng babala na umalis ka sa Serbisyo sa Business, at mapapailalim ka sa mga tuntunin at kundisyon (kasama ang mga patakaran sa privacy) ng isa pang website o destinasyon. Ikaw ang mananagot kapag ginamit mo ang lahat ng nasabing link, at kapag umalis ka sa aming Serbisyo, hindi na mangingibabaw ang Kasunduang ito at ang aming mga patakaran.

Puwede ring magbigay-daan sa iyo ang Serbisyo sa Business na ikonekta ang iyong Business Account sa software o mga serbisyo ng third-party (halimbawa, accounting software) para ma-send ang iyong mga record ng transaction sa serbisyong iyon at, kung saan naaangkop, para makatanggap pabalik mula rito ng impormasyon sa

account, vendor, o transaction, kasama ang para magsaayos ng mga record at maiwasan ang mga duplicate (“Mga Nakakonektang Serbisyo ng Third-Party” o “Mga Nakakonektang Serbisyo”). Ang Mga Nakakonektang Serbisyo ng Third-Party ay itinatatag gamit ang paraan ng awtorisasyon na nire-require ng serbisyong iyon, at sino-store at ginagamit lang namin ang anumang magreresultang kredensyal o access token kung kinakailangan para mapanatili ang koneksyon at maibigay ang Serbisyo. Sa pamamagitan ng pagkonekta sa isang Nakakonektang Serbisyo ng Third-Party, pinapahintulutan mo kaming mag-share ng impormasyon sa, at makatanggap ng impormasyon mula sa, serbisyong iyon na may kaugnayan sa Serbisyo. Puwede naming paghigpitan, suspindihin, o ihinto ang anumang Nakakonektang Serbisyo ng Third-Party anumang oras nang walang pananagutan sa iyo.

Ang Mga Website ng Third-Party, Application ng Third-Party, Ad ng Third-Party, at Nakakonektang Serbisyo ng Third-Party ay sama-samang tinatawag na “Mga Serbisyo ng Third-Party.” Hindi kontrolado ng Remitly ang ganoong Mga Serbisyo ng Third-Party. Walang responsibilidad ang Remitly para sa anumang Serbisyo ng Third-Party. Ibinibigay lang ng Remitly ang Mga Serbisyo ng Third-Party na ito bilang ginhawa at hindi nito sinusuri, inaaprubahan, sinusubaybayan, iniendorso, ginagarantiya, o kinakatawan ang Mga Serbisyo ng Third-Party, o anumang produkto o serbisyong ibinibigay kaugnay nito. Dapat mong suriin ang mga naaangkop na tuntunin at patakaran, kasama ang mga kasanayan sa privacy at pangangalap ng data, ng alinmang Serbisyo ng Third-Party, at gawin ang anumang pagsisiyasat na sa tingin mo ay kailangan o naaangkop bago magpatuloy sa anumang transaction sa alinmang third party.

17.3 Pag-share ng Impormasyon Sa Pamamagitan ng Mga Serbisyo ng Third-Party. Puwedeng magbigay ang Remitly ng mga tool sa pamamagitan ng Serbisyo sa Business na nagbibigay-daan sa iyong mag-export ng impormasyon sa Mga Serbisyo ng Third-Party, bukod pa sa Mga Nakakonektang Serbisyo ng Third-Party na inilarawan sa Seksyon 17.2. Sa pamamagitan ng paggamit sa isa sa mga tool na ito, sumasang-ayon ka na posibleng i-transfer ng Remitly ang impormasyong iyon sa naaangkop na Serbisyo ng Third-Party. Hindi responsable ang Remitly para sa paggamit ng anumang Serbisyo ng Third-Party sa impormasyong na-share sa ilalim ng Seksyong ito o Seksyon 17.2. Tingnan ang aming [<u>Patakaran sa Privacy</u>](https://www.remitly.com/us/en/home/policy) para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano namin kinokolekta, ginagamit, at sine-share ang iyong impormasyon.

17.4 Access sa Application ng Third-Party. Patungkol sa anumang Application na na-access sa pamamagitan ng o na-download mula sa Apple App Store (isang “App Store Sourced Application”), dapat mo lang gamitin ang App Store Sourced Application (i) sa isang Apple-branded na produkto na nagpapatakbo ng iOS (proprietary operating system ng Apple) at (ii) ayon sa pinapahintulutan ng “Mga Panuntunan sa Paggamit” na itinakda sa Mga Tuntunin ng Serbisyo ng Apple Media, maliban na lang kung ang

nasabing App Store Sourced Application ay puwedeng i-access, kunin, at gamitin ng iba pang account na nauugnay sa bumili sa pamamagitan ng Family Sharing function, volume purchasing, o Legacy Contacts function ng Apple. Sa kabila ng unang pangungusap sa seksyong ito, patungkol sa anumang Application na na-access sa pamamagitan ng o na-download mula sa Google Play store (isang Google Play Sourced Application), posibleng mayroon kang mga karagdagang karapatan sa lisensya patungkol sa paggamit ng Application nang pinaghahatian sa loob ng iyong itinalagang family group.

17.5 Pag-access at Pag-download ng Application mula sa Apple App Store. Nalalapat ang mga sumusunod sa alinmang App Store Sourced Application na na-access sa pamamagitan ng o na-download mula sa Apple App Store:

- Kinikilala mo at sumasang-ayon kang (i) ang Kasunduang ito ay tanging sa pagitan mo at ng Remitly, at hindi sa Apple, at (ii) ang Remitly, hindi ang Apple, ay ang ganap na may responsibilidad para sa App Store Sourced Application at sa content nito. Ang iyong paggamit ng App Store Sourced Application ay dapat sumunod sa Mga Tuntunin ng Serbisyo ng App Store.
- Kinikilala mong walang anumang obligasyon ang Apple para magbigay ng anumang serbisyo ng maintenance at suporta para sa App Store Sourced Application.
- Kung sakaling mabigo ang App Store Sourced Application na sumunod sa anumang naaangkop na warranty, puwede mong abisuhan ang Apple, at ire-refund sa iyo ng Apple ang presyo ng pagbili para sa App Store Sourced Application at hanggang sa pinakamalaking limit na pinapahintulutan ng naaangkop na batas, walang anupamang obligasyon sa warranty ang Apple patungkol sa App Store Sourced Application. Sa pagitan ng Remitly at Apple, ang anupamang claim, pagkalugi, pananagutan, pinsala, gastos, o gastusing maiuugnay sa anumang pagkabigong sumunod sa anumang warranty ay ganap na responsibilidad ng Remitly.
- Kinikilala Mo at ng Remitly na, sa pagitan ng Remitly at Apple, walang responsibilidad ang Apple na tugunan ang anumang claim na mayroon ka o ng alinmang third party na nauugnay sa App Store Sourced Application o iyong pagkakaroon at paggamit ng App Store Sourced Application, kasama ang, pero hindi limitado sa: (i) mga claim sa pananagutan sa produkto; (ii) anumang claim na hindi nasunod ng App Store Sourced Application sa anumang naaangkop na legal o requirement sa regulasyon; at (iii) mga claim na nagmumula sa pagprotekta sa consumer o katulad na batas.
- Kinikilala mo at ng Remitly na, kung sakaling magkaroon ng anumang claim ng third-party na lumalabag ang App Store Sourced Application o ang iyong pagkakaroon at paggamit ng App Store Sourced Application na iyon sa mga karapatan sa intellectual property ng third party na iyon, sa pagitan ng Remitly at Apple, ang Remitly, hindi ang Apple, ang may ganap na responsibilidad para sa pagsisiyasat, pagtatanggol, pag-aayos at pag-discharge ng anumang nasabing claim sa paglabag sa intellectual property hanggang sa limit na nire-require ng Kasunduang ito.

• Kinikilala at Sumasang-ayon Ka at ang Remitly na ang Apple, at ang mga subsidiary ng Apple, ay mga third-party na benepisyaryo ng Kasunduang ito na nauugnay sa iyong lisensya ng App Store Sourced Application, at kapag tinanggap mo ang mga tuntunin at kundisyon ng Kasunduang ito, magkakaroon ng karapatan ang Apple (at ituturing na tinanggap nito ang karapatan) na ipatupad ang Kasunduang ito nang nauugnay sa iyong lisensya ng App Store Sourced Application laban sa iyo bilang isang third-party na benepisyaryo nito.

• Habang hindi nililimitahan ang iba pang tuntunin ng Kasunduang ito, dapat mong sundin ang lahat ng naaangkop na tuntunin ng kasunduan ng third-party habang ginagamit ang App Store Sourced Application.

18. Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Ang mga tanong, notification, at request para sa mga refund o karagdagang impormasyon ay puwedeng i-send sa Remitly, gaya ng sumusunod: online; sa pamamagitan ng telepono sa 1-844-604-0924 (sa labas ng United States, tumawag sa (206) 535-6152); o sa pamamagitan ng mail sa Remitly, Inc., Attn: Customer Service, 401 Union Street, Suite 1000, Seattle, WA 98101, USA.

Iskedyul A: Currency Account (“USD Virtual Account”)

Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: Nobyembre 12, 2026

Nalalapat lang ang Iskedyul A na ito kung mag-e-enroll ka sa Currency Account.

ANG CURRENCY ACCOUNT (TINATAWAG DING “USD VIRTUAL ACCOUNT”) AY ISANG USD VIRTUAL ACCOUNT PARA SA PAGGAMIT NG BUSINESS NA DIREKTANG IBINIBIGAY NG ISANG LISENSYADONG THIRD-PARTY NA PROVIDER (“PROVIDER NG CURRENCY ACCOUNT” O “PROVIDER NG USD VIRTUAL ACCOUNT”) SA ILALIM NG SARILI NITONG HIWALAY NA MGA TUNTUNIN (“MGA TUNTUNIN NG THIRD-PARTY NA PROVIDER”).

HINDI BANGKO ANG REMITLY, HINDI ITO NAGHAHAWAK O NAG-IINGAT (CUSTODY) NG MGA BALANSE NG USD VIRTUAL ACCOUNT, AT KUMIKILOS ITO BILANG TECHNOLOGY INTERFACE AT FIRST-LINE NA LIAISON PARA SA SUPORTA. ANG PAGBIBIGAY NG USD VIRTUAL ACCOUNT NG PROVIDER NG USD VIRTUAL ACCOUNT AY EKSKLUSIBONG SINASAKLAW NG MGA TUNTUNIN NG THIRD-PARTY NA PROVIDER.

A.1 Direktang Ugnayan sa Provider at Saklaw

Mga Kahulugan. Ang “Provider ng Currency Account” (tinutukoy ding “Provider ng USD Virtual Account”) ay nangangahulugang System Pay Services (US), Inc. (na nagnenegosyo bilang BVNK), isang rehistradong money services business (NMLS \#2531294) na lisensyado bilang money transmitter sa iba't ibang estado ng U.S., at ang mga affiliate nito na nagbibigay ng USD Virtual Account.

Para ma-access ang USD Virtual Account, dapat mong hiwalay at tahasang tanggapin ang Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider nang direkta sa Provider ng USD Virtual Account sa pamamagitan ng unbundled na electronic na kasunduan. Ang Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider ay bumubuo ng isang independiyenteng legal na kontrata na sumasaklaw sa paghawak ng mga pondo, ledgering ng virtual account, banking rails, mga paghahayag, mga fee, at pagpapatakbo ng account. Hindi ine-enable ng Provider ng USD Virtual Account ang mga feature ng digital asset, cryptocurrency, at conversion sa pamamagitan ng platform ng Remitly. Kung sakaling magkaroon ng anumang salungatan sa pagitan ng Kasunduang ito at ng Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider patungkol sa USD Virtual Account, ang Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider ang mangingibabaw at masusunod.

Pinapahintulutan mo ang Remitly at ang Provider ng USD Virtual Account na magpalitan ng data ng iyong business, beneficial ownership, at transaction kung kinakailangan para maibigay ang mga serbisyo, masubaybayan ang panloloko, at makasunod sa naaangkop na batas. Kumikilos ang Remitly bilang data processor para sa Provider ng USD Virtual Account para sa onboarding at pangongolekta para sa due diligence, at bilang independent na controller para sa pagpapatakbo ng platform nito. Pinoproseso ng Provider ng USD Virtual Account ang personal na data at data ng transaction bilang independent na data controller sa ilalim ng sarili nitong mga abiso sa privacy para mapatakbo ang mga virtual account at matupad ang mga direktang obligasyon nito sa regulasyon.

A.2 Mga Tagubilin at Integration ng Serbisyo

Pinapahintulutan mo ang Remitly na i-transmit ang iyong mga tagubilin, kredensyal, at request sa transaction sa Provider ng USD Virtual Account sa ngalan mo. Kinikilala mong kapag nagsusumite ng mga tagubilin sa pamamagitan ng platform ng Remitly: (a) nagsasagawa ang Remitly ng mga serbisyo ng front-end na routing at komunikasyon; at (b) direkta mong inuutusan ang Provider ng USD Virtual Account na isagawa ang pinagbabatayang credit, debit, o transfer. May karapatan ang Provider ng USD Virtual Account na umasa nang walang kundisyon sa lahat ng tagubiling na-transmit sa pamamagitan ng iyong Remitly Business account.

A.3 Pagpopondo ng Mga Serbisyo sa Remitly Business at Pagpasa ng Pondo

Puwede mong pahintulutan ang mga debit mula sa iyong USD Virtual Account para pondohan ang mga international na money transfer o withdrawal na pinoproseso ng Remitly sa ilalim ng Kasunduang ito. Kapag na-debit ang mga pondo mula sa iyong USD Virtual Account para sa isang transfer sa Remitly, ire-release ng Provider ng USD Virtual Account ang mga pondong iyon sa Remitly bilang isang lisensyadong money transmitter. Walang responsibilidad o pananagutan ang Provider ng USD Virtual Account para sa mga pondo kapag na-debit at na-transmit na ang mga ito sa Remitly, at ang Remitly ang may tanging responsibilidad para sa kasunod na disbursement sa ilalim ng Kasunduan. Pinapahintulutan mo ang mga debit mula sa iyong USD Virtual Account para sa mga hindi pinagtatalunang fee o negatibong balanse na direktang nagmumula kaugnay ng USD Virtual Account sa ilalim ng Kasunduang ito o ng Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider.

A.4 Suporta sa Customer at Pag-transmit ng Abiso

Ang Remitly ang nagsisilbing pangunahing contact mo para sa first-line na suporta sa customer at pagtanggap ng dispute tungkol sa USD Virtual Account. Ang mga tanong o abiso tungkol sa mga transaction sa USD Virtual Account, mga pinaghihinalaang error, o hindi awtorisadong aktibidad ay dapat agad na isumite sa suporta sa customer ng Remitly. Iimbestigahan ng Remitly ang mga error sa front-end na platform at agad na ita-transmit ang mga tanong tungkol sa banking o virtual account sa Provider ng USD Virtual Account para malutas sa ilalim ng Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider. Ang abiso sa Remitly ay hindi itinuturing na legal na abiso sa Provider ng USD Virtual Account hangga't hindi ito pormal na na-transmit ng Remitly.

A.5 Pananagutan, Third-Party na Benepisyaryo, at Mga Eksklusibong Dispute

Hindi mananagot ang Remitly para sa mga gawain, pagkukulang, outage, hold, o kawalan ng kakayahang magbayad (insolvency) ng Provider ng USD Virtual Account, ng partner na bangko nito, o ng pinagbabatayang clearing rails, at ang pananagutan ng Remitly na nauugnay sa interface ng USD Virtual Account ay napapailalim sa mga limitasyon sa Seksyon 11. Hindi naghahawak, nag-iingat, o kumokontrol ang Remitly ng mga settled na balanse ng USD Virtual Account at wala itong obligasyon o pananagutan na bayaran sa iyo ang balanse ng iyong USD Virtual Account.

Ang Provider ng USD Virtual Account ay isang nilalayong third-party na benepisyaryo ng Kasunduang ito, na may karapatang ipatupad nang direkta laban sa iyo ang lahat ng paghihigpit sa user, pagbubukod sa pananagutan, at pagbabayad-danyos. Kinikilala mo at sumasang-ayon ka na ang Provider ng USD Virtual Account ay isang nilalayong third-party na benepisyaryo ng Kasunduang ito (kasama ang Seksyon 7 (Katanggap-tanggap na Paggamit), Seksyon 10 (Pagbabayad-danyos), Seksyon 11 (Limit ng Pananagutan),

Seksyon 12 (Mga Serbisyong Ibinibigay nang Walang Warranty), at ang Iskedyul A na ito) at may karapatan itong ipatupad nang direkta laban sa iyo ang lahat ng karapatan, remedyo, pagtatanggi, at limitasyon dito.

Sa kabila ng Seksyon 13 o ng anumang salungat dito sa Kasunduang ito, ang anumang claim, kontrobersiya, o dispute na nagmumula sa o nauugnay sa USD Virtual Account, pag-iingat ng pondo, mga balanse ng account, o sa Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider ay mahigpit at eksklusibong sasaklawin ng mga probisyon sa sumasaklaw na batas, paglutas ng dispute, at may bisang arbitrasyon na itinakda sa Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider.

Kung pinapahintulutan ka ng Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider na mag-opt out sa may bisang arbitrasyon sa pamamagitan ng pag-abiso sa Platform Partner, dapat mong i-send ang nakasulat na abiso sa pag-opt out sa Remitly sa [<u>provider-optout@remitly.com</u>](mailto:provider-optout@remitly.com) sa loob ng tatlumpung (30) araw mula sa una mong pagtanggap sa Mga Tuntunin ng Third-Party na Provider, kasama ang legal na pangalan ng iyong business, address, at isang malinaw at tiyak na pahayag ng intensyong mag-opt out. Ipapasa ng Remitly ang mga napapanahong abiso sa pag-opt out sa Provider ng USD Virtual Account sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyo. Ang pag-opt out sa arbitrasyon sa Provider ng USD Virtual Account ay hindi nangangahulugang naka-opt out ka na sa Seksyon 13, at ang pag-opt out sa Seksyon 13 ay hindi nangangahulugang naka-opt out ka na sa arbitrasyon sa Provider ng USD Virtual Account.